

Long Paper*

Paghahanda ng Sarili Bilang mga Irosanong Gurong Magulang: Hamon sa Paaralan at Tahanan sa Panahon ng Pandemya

(Irosanon Teacher-Parents' Preparedness: Challenge in Schools and Home in Times of
Pandemic)

Rolly N. Llaneta

Department of Education, Gallanosa National High School/Sorosogon State University,
Philippines
rolandoneo547@gmail.com

Date received: August 9, 2021

Date received in revised form: September 14, 2021; September 17, 2021; September 20, 2021

Date accepted: September 20, 2021

Recommended citation:

Llaneta, R. N. (2021). Paghahanda ng sarili bilang mga Irosanong gurong magulang: Hamon sa paaralan at tahanan sa panahon ng pandemya. *Puissant*, 2, 256-281.

**This is a revised version of the paper presented at the Asia-Pacific Conference on Research and Education 2021 (virtual conference) last August 6-8, 2021.*

Abstrak

Natiyak sa pag-aaral na ito na malaman ang mga pamamaraan para sa paghahanda ng Irosanong gurong magulang..1. Matukoy ang mga pamamaraan upang makabangon ang isang Irosanong gurong magulang sa mga suliranin sa edukasyon sa pagtuturo at sa tahanan.2.Matukoy ang mga positibo at negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon at tahanan ng mga Irosanong gurong magulang.3.Makapagbigay ng panukala sa mga Irosanong gurong magulang sa mga gawain sa paaralan at gawaing pangkabuhayan sa tahanan batay sa resulta ng pag-aaral. Deskriptib analisis ang disenyo ng pag-aaral na ginamit ng mananaliksik, na gumamit ng purposive sampling sa pagkuha ng datos sa mga kalahok, ang mga nalikom na datos ay inanalisa, sinuri at binigyan ng interpretasyon sa estatistika tulad ng frequency count at pagraranggo. Ang naging kalahok ay ang mga Irosanong gurong magulang. Mga natuklasan: 1.May iba't ibang pamamaraan ng ang mga Irosanong gurong magulang upang makabangon sa mga suliranin sa edukasyon at sa tahanan. 2.May mga iba't ibang positibo at negatibong dulot ang pandemya sa edukasyon at tahanan. 3. Isang panukalang seminar-worksyap ang isasagawa. Kongklusyon ay: 1. Ang mga Irosanong gurong magulang ay may mga magkakaibang pamamaraan upang



makabangon. 2. Magkakaiba ang mga positibo at negatibong dulot ng pandemya. 3. Ang awtput na nagawa ay isang plano sa pagsasagawa ng seminar-worksyap para makatulong paglinang ng mga makabagong modalidad sa pagtuturo sa paaralan at sa mga gawaing pangkabuhayan sa tahanan. Rekomendasyon: 1. Hikayatin ang mga gurong magulang at komunidad na patuloy na umisip ng paraan upang labanan ang mga suliraning. 2. Tangkilikin ang mga seminar-worksyap o mga babasahing magbibigay ng impormasyon ng mga gurong magulang. 3. Ang lokal na pamahalaan ay maglaan ng programa na tutulong sa mga gurong magulang at sa komunidad. 4. Magsagawa ng pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik nang sa gayon ay mapalalim pa ang pagtuklas sa mga kaalamang makatutulong upang mas mapahalagahan ang kahandaan.

Susing-salita – hamon, Irosanon gurong magulang, paaralan at tahanan, paghahanda, pandemya

Abstract (English translation)

This study aims to know the methods used by Irosanon teacher-parent in the school and in their home as a means of readiness. 1. To determine the methods used by Irosanon teacher-parent to recover from pandemic. 2. To determine the positive and negative effects of pandemic of the Irosanon teacher-parents. 3. To suggest an activity in school and a livelihood at home in relation to the result of the study. The descriptive analysis method was used by the researcher that used purposive sampling in data gathering to the participants, the data gathered were analyzed, checked and given statistical interpretation such as ranking and frequency count. The respondents were Irosanon teacher-parents. Findings: 1. There were different kinds of methods the teacher-parents used to recover from the pandemic. 2. There were different kinds of positive and negative effects of pandemic in schools and home. 3. A proposed seminar-workshop would be conducted in order to help developing skills a new normal modality of teaching in schools and a means of livelihood at home. Conclusion: 1. The Irosanon teacher-parents has their own different ways in recovering problems in their schools and home. 2. There were differences of negative and positive effects of pandemic in schools and home. 3. The output of the study is a proposal to conduct a seminar-workshop in order to develop skills in a new normal modality and a means of livelihood. Recommendation: 1. Encourage the teacher-parents and the community to continue in finding ways in order to recover. 2. Encourage to patronize seminar-workshop and read books and related readings that can add information and can help in current modalities of teaching and to create a means of livelihood. 3. The local government should plan a program that can help the teacher-parents and the community to alleviate and to create solutions. 4. To conduct a study in relation to the present study in order to more deepen the discovery of knowledge in valuing the preparedness.

Keywords – challenge, Irosanon teacher-parents, pandemic, preparedness

INTRODUCTION

Sa paglaganap ng sakit na COVID19 sa buong mundo hindi lamang ang aspetong pangkalusugan ang naapektuhan, pati na rin ang aspetong pangkabuhayan kung saan marami sa mga negosyo at trabaho ang nagsara na sumunod lamang sa kautusan ng pamahalaan gaya ng pagpapatupad ng IATF (Inter-Agency Task Force) upang hindi na lumala ang sitwasyon at kumalat pa ang sakit. Naapektuhan rin ang sektor ng edukasyon kung saan kailangan umisip ang mga guro ng mga makabagong modalidad sa pagtuturo na aangkop sa kinkaharap na sitwasyon at ang isa sa mga umusbong na suliranin ay ang kawalan ng magagamit na gadget ng mga mag-aaral lalo na sa mga mahihirap na pamilya at ang paghahanap ng malakas na signal ng internet sa mga pook rural lalo na ang mga nasa kabundukan.

Mula sa pag-aaral nina Burgess at Sievertsen (2020) galing sa maraming bansa ang nakapagpasya na isara ang maraming paaralan dulot ng COVID-19. Ang pag-aaral na ginaganap sa bahay lamang ay hindi lang gumulat sa maraming magulang na nagtatrabaho kundi may epekto rin sa mga bata na naapektuhan ang pakikisalamuha sa ordinaryong paraan ng pag-aaral. Masasalaming rito na ang buong pamilya ay apektado ng pandemya na naramdaman pareho ng mga magulang at kanilang mga anak.

Ayon naman sa artikulo ni Ajam (2021) mula Setyembre 30, 2020 1.077 bilyong mga mag-aaral ang maapektuhan ng pandemya dahil sa pagsasara ng mga paaralan na nakaapekto sa iba't ibang pang-sosyal at pang-ekonomiyang usapin sa panig ng mga mag-aaral tulad ng utang ng mga mag-aaral, pag-aaral sa pamamagitan ng digital, kakulangan sa pagkain at matitirahan. Dito napapatunayan na hindi lang ang sistema ng edukasyon ang apektado ng pandemya kundi pati na rin ang pinansiyal at sosyal na aspeto ng pag-aaral ng mga mag-aaral.

Nabanggit sa artikulo ng website na www.en.unesco.org na may pamagat na “Policy Brief: Education During COVID-19 and Beyond” (United Nations, 2020), na nagdulot ng pagpapahinto sa edukasyon sa kasaysayan at nakaapekto sa 1.6 bilyong mag-aaral sa higit 190 na bansa sa lahat ng kontinente ang pandemya. Ang pagsasara ng mga paaralan ay nakaapekto sa 94% ng kabuuang populasyon ng mg mag-aaral sa buong mundo, na umabot sa 99% ng populasyon sa mababa at nasa katamtamang kitang mga bansa. Pagdating naman sa kalagayan ng mga guro ayon sa website na ito sa bahaging Sub-Saharan Africa 50% ng mga gurong nagtututuro sa sekundarya ay nakaranas lang ng minimum na pagsasanay at karamihan ay hindi naisama ang pagsasanay sa “basic digital skill”. Sa kalagayang pang-pinansiyal karamihan sa mga guro ay kailangang maghanap ng pangalawang mapagkakakitaan bukod sa pagtuturo at hindi makatutugon sa “distance learning” ng mgamag-aaral. Nangangahulugan lamang ito na hindi lamang ang mga mag-aaral ang apektado ng pandemya kundi pati na rin ang buhay ng mga guro sa paaralan pagdating sa kanilang kakayahan na turuan ang mga mag-aaral pagdating sa makabagong modalidad ng pagtuturo na gumagamit ng “digital skills and materials” at apektado na rin ang pinansiyal na aspeto sapagkat bukod sa kita sa pagtuturo ay kainakailangan pang

humanap ng iba pang mapagkakakitaan upang matustusan ang mga pangangailangan sa pagtugon sa “distance learning”.

Ayon naman kay Schleicher (2020) ang pamahalaan ng Australia ay nagbigay ng pundo sa programa ng pamahalaan na “Higher Education Relief Package”, sa mga Australyanong nawalan ng trabaho bunga ng pandemya na nag-aasam na malinang ang kakayahan at gustong sanayin ang kakayahan. Ang mga mag-aaral naman na walang kakayahan ay binibigyan ng panahong makabayad at hindi muna sisingilin sa mga utang sa loob ng anim na buwan (Australian Government 2020). Ang pamahalaan naman ng Canada ay may programang “Canada Emergency Student Benefit” na nagbibigay ng suportang pinansyal sa mga mag-aaral sa sekondarya at mga nakapagtapos ng hayskul na hindi pa nakahanap ng mapagkakakitaan dahil sa COVID-19 nitong tag-araw (Trudeau 2020). Ibig sabihin gumagawa rin ng iba’t ibang hakbang ang pamahalaan upang matugunan ang suliraning dulot ng pandemya sa edukasyon particular na sa mga mag-aaral na naghihirap at hindi pa makahanap ng mapagkakakitaan.

Mula sa website na www.senate.gov.ph sa artikulong “Pandemic Preparedness Act-Senate of the Philippines” (Senate of the Philippines, 2020) na ang akda ay si Sen. Manny Villar, ang batas na ito ay naglalayong gumawa ng Pandemic Emergency Plan upang makapaghandang upang maiwasan ang hawaan ng virus, maiwasan ang pagdala sa hospital o pagkakasakit at kamatayan at mapangalagaan at mapanatili ang mga mahalagang serbisyo ng pamahalaan para maiwasan ang epekto sa ekonomiya at sa panlipunang aspeto. Isa ito sa mga batas na puprotekta lalong lalo na sa panahon ng pandemya dahil ito ay pagsasagawa ng plano kung ano-ano ang mga pamamaraan upang maiwasan ang virus at mapanatili ang mga serbisyo ng pamahalaan nang sa gayon ay hindi lumala ang sitwasyon bagkus kundi man mapigilan ay mabawasan ang paglala ng sitwasyon.

Ayon sa sarbey na isinagawa ni Patrick et al. (2020) sa Estados Unidos mula noong Marso, 2020 na ang mga kalahok ay may mga anak na may edad na 18 pababa na may layuning sukatin ang kalagayang pangkalusugan, pangseguridad, pangnutrisyon, paggamit ng public food assistance program, pagkalinga sa mga anak at paggamit ng serbisyong pangkalusugan, 27% ng mga magulang ang may problema sa mental health at 14% ang nanganganib na maapektuhan behavioural health para sa kanilang mga anak. Ito ay dahil sa pagtaas ng kaso ng food insecurity mula 6% bago ang Marso 2020 at matapos ang buwan ay tumaas sa 8%, nagbawas naman ng employered-sponsored insurance coverage sa mga bata ng 63% papunta sa 60% na lang at 24% ng mga magulang ay nagkulang sa pagkalinga sa mga anak. Pinapakita sa sarbey na ito na may epekto ang pandemya sa buhay ng mga magulang at anak sa Estados Unidos kung saan isa sila sa mga mayayamang bansa, paano na lang ang mahihirap na bansa o iyong tinatawag na third world o developing countries.

Sa pag-aaral naman nina, Bozkurt at Sharma (2020) napilitan raw ang sektor edukasyon na lumipat mula sa face-to-face na pagtuturo papunta sa online emergency remote teaching. Dito masusubok ang kakayahan ng mga gurong magturo lalo na doon sa

mga senior citizen na guro kung saan kung hindi man nahuhuli ay kaunti lang ang alam sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya.

Binanggit naman sa pag-aaral Ferdig et al. (2020) marami sa mga naglalathala ngayong panahon ng pandemya ay nakapokus sa karanasan, inibasyon at mga pamamaraan sa pagtuturo. Isa sa mga layunin nito ay upang makatulong sa iba pang mga nasa sektor ng edukasyon namakakuha ng mga makabagong ideya kung paano haharapin ang mga suliranin sa pagtuturo sa panahon ng pandemya.

Sa isa namang pag-aaral sa Portugal nina Flores, Machado at Alves (2020) may mga gurong hindi makapagbigay ng maayos na interaksyon sa mga mag-aaral dahil sa kakulangan ng kagamitan ng guro at ng mga mag-aaral, pag-ugnay ng guro sa mga mag-aaral sa aralin, kakulangan sa oras, kakulangan sa kasanayan sa pagtuturo online, at kakulangan sa suporta ng mga magulang sa pag-aaral. S kadalasan ang mga guro ang naghahanap ng paraan upang makaagapay sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtuturo. Marami sa mga guro ang nagsabing mas mahabang oras ang kinakailangan sa remote teaching kaysa sa face-to-face na pagtuturo, pero ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng pagsusulit ay nangangailangan lang ng kaunting oras. Maraming suliranin ang lumabas sa pagsisimula ng remote teaching na nangailangan ng suporta sa mga guro hindi lang ng pamhalaan kundi pati na rin ng mga magulang na may kabahagi sa pagpapalaki ng kanilang mga anak.

Ayon naman sa pag-aaral nina Flores at Gago (2020) nanapektuhan rin ang mga mag-aaral na maging guro o mga education student tulad ng mga student teachers na minomonitor ng cooperating teacher o supervising teacher sa paglinang ng mga aralin sa pamamagitan ng telepono o cellular phone, WhatsApp and Skype. Nagbagong bihis na rin kahit na ang mga nasa kolehiyo na gumagamit na rin ng mga makabagong teknolohiya sa pagsubaybay at pagtaya sa mga mag-aaral nasa kolehiyo at unibersidad.

Bilang paglalagom mahihinuha ang ideya rito ng patuloy na paglinang ng lahat ng sektor sa buong mundo upang makaagapay sa pagbabagong dulot ng COVID19 partikular na sa edukasyon na kung dati ay harap-harapan ang pagtuturo ay kailangang magbagong-bihis sa paggamit ng makabagong teknolohiya sa pagtugon sa mga makabagong modalidad sa pagtuturo. Dahil sa delikado ang modalidad na face-to-face sa pagkalat ng paghahawaan ng COVID19 napagpasyahan ng karamihan ng mga bumubuo ng Kagawaran ng Edukasyon at pamunuan ng mga paaralan na gamitin ang modalidad na online class, modular at blended.

Paglalahad ng Suliranin

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay malaman ang mga pamamaraan para sa paghahanda ng Irosanong gurong magulang sa paaralan at tahanan sa panahon ng pandemya. 1. Matukoy ang mga pamamaraan upang makabangon ang isang Irosanong gurong magulang sa mga suliranin sa edukasyon sa pagtuturo at sa tahanan sa mga

hamon ng pandemya sa pag-aaral. 2. Matukoy ang mga positibo at negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon at tahanan ng mga Irosanong gurong magulang. 3. Makapagbigay ng panukala sa mga Irosanong gurong magulang sa mga gawain sa paaralan at gawaing pangkabuhayan sa tahanan sa panahon ng pandemya batay sa resulta ng pag-aaral.

METODOLOHIYA

Deskriptib analisis ang disenyo ng pag-aaral na ginamit ng mananaliksik, na gumamit ng purposive sampling sa pagpili ng 50 na kalahok at sa pagkuha ng datos sa mga kalahok na kinakailangan sa pag- aaral na ito,upang ay malaman ang mga pamamaraan para sa paghahanda ng Irosanong gurong magulang sa paaralan at tahanan sa panahon ng pandemya. Ang naging kalahok ay 50 na ginamitan ng purposive sampling mga Irosanong gurong magulang ng bayan ng Irosin. Tseklist ang ginamit bilang instrumento sa pagkuha ng datos na kakailanganin at pakikipanayam. Ang mga nalikom na datos ay inanalisa, sinuri at binigyan ng interpretasyon sa tulong ng nararapat na estatistika tulad ng frequency count at pagraranggo.

MGA NATUKLASAN

Mga Pamamaraan Bilang Solusyon ang Irosanong Gurong- magulang sa mga Suliranin sa Edukasyon sa Hamon ng Pandemya sa Pagtuturo

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga pamamaraan ng Irosanong Gurong-magulang upang masolusyunan ang mga suliranin sa edukasyon sa panahon ng pandemya sa pagtuturo. Ipinakikita sa talahanayan 1 ang mga pamamaraan bilang solusyon sa mga suliranin sa edukasyon sa panahon ng pandemya sa pagtuturo nangunguna sa bahaging modalidad sa pagtuturo ang sa pamamagitan ng Module ayon ito sa 38 na kalahok sa pag-aaral. Isa sa mga patunay ay nagmula sa Deped Order No.13 s.2020 na pinamagatang “Readiness Assessment Checklist for Learning Delivery Modalities in the Learning Continuity Plan of Private Schools”, na binanggit ay ang pagpili ng espisipikong learning delivery modalities na gagamitin ay isasaalang- alang ang kalusugan at kaayusan ng buhay ng mga mag-aaral at mga nagtatatrabaho sa DepEd (Kagawaran ng Edukasyon) at susunod sa inilatag na panuntunan maging sa local o pambansa at naaayon rin sa kagustuhan ng magulang at mag-aaral. Nangangahulugan lang ito na ang pag-aaral sa bagong kadayawan ay hinihimok na ingatan ang kalusugan at pagkatao ng mga mag-aaral at guro nang naaayon sa mga panuntunan ng pamahalaan at napagkasunduan para sa ikaliligtas sa sakit ng mga mag- aaral at mga kawani ng DepEd(Kagawaran ng Edukasyon) at isa na rito ay ang paggamit ng modyul sa pag-aaral at pagtuturo upang makaiwas sa sakit at hawaan ng sakit na COVID19.

Ikalawa ay ang pagtuturo gamit ang online o virtual ayon ito sa 21 na kalahok sa pag-aaral. Mula sa Walden University(2020) sa artikulong pinamagatang “7 Benefits of a Virtual Classroom”, isa sa mga benepisyong ng virtual classroom ay ang access sa kurso/pag-aaral at

trabaho saanman sa kahit anong oras. Dito nabibigyan ng bentahe ang mga nag-aaral at nagtatrabaho lalo na ang mga abala, nasa malalayong lugar, walang gaanong sapat na oras at natutulungan silang ma-access anuman ang ibinigay nagawain sa paaralan man ito o sa trabaho. Pangatlo sa puwesto sa modalidad sa pagtuturo ay ang paggamit ng radio ayon ito sa 02 kalahok sa pag-aaral. Ayon kina Shandar U. at Sharma R. (2020) na nagmula sa artikulong may pamagat na “View of Bridges to Effective Learning, through Radio”, nakiusap ang Indira Gandhi National Open University sa India na isahimpapawid ang kanilang mga programang pang-edukasyon sa 40 FM na istasyon ng mga radio, ito ay para sa benepisyong publiko at ng mga mag-aaral sa India. Ang radio ay mahalagang salik sa pagtulong sa mga mag-aaral lalo na ang mga nasa malalayong lugar na may gusting matutunan at dagdagan ang kanilang mga kaalaman.

Talahanayan 1. Mga Pamamaraan bilang solusyon sa mga suliranin sa edukasyon sa panahon ng pandemya sa pagtuturo

Pamamaraan	Kabuuan	Bahagdan
A. MODALIDAD SA PAGTUTURO		
• Sa pamamagitan ng Module	38	1
• Sa pamamagitan ng Online/Virtual	21	2
• Sa pamamagitan ng Radyo	2	3
B. MGA KAGAMITAN PARA SA PAGTUTURO		
• Sa pamamagitan ng Radyo	2	4
• Sa pamamagitan ng Android Phone	42	2
• Sa pamamagitan ng Laptop/Desktop	23	3
• Sa pamamagitan ng Module	44	1
• Sa pamamagitan ng Android Phone	42	2
C. MGA PARAAN SA PAGSAGAP NG SIGNAL/FREQUENCY NG INTERNET SA PAGTUTURO		
• Internet sa Cable	11	4
• Internet sa Broadband	19	2
• Internet na Wireless/Satellite	03	5
• Internet sa DSL (Digital Subscriber Line)	15	3
• Internet sa Mobile	38	1

Sa mga kagamitan sa pagtuturo naman una na rito ay ang sa pamamagitan ng module ayon ito sa 44 na kalahok sa pag-aaral. Isa sa mga nagbigay ng pahayag tungkol sa bentahe ng modyul sa pag-aaral ni Henne A. (2020) sa artikulong pinamagatang “Using a Modular Approach to Course Design”, isa sa mga bentahe ay ang pagkakaroon ng mabuting pagtataya, pwede itong magamit at dalhin saanman pumunta. Natutulungan nito ang mga mag-aaral na nasa malalayong lugar sa paaralan lalo na sa panahon ng pandemya kung saan hindi pinapayagan ang face-to-face na modalidad ng pag-aaral. Pumapangalawa sa mga kagamitan sa pagtuturo ay ang paggamit ng Android Phone ayon ito sa 42 na kalahok sa pag-aaral. Sa paggamit ng Android Phone sa classroom binanggit ni Graham (2020) sa artikulo na may pamagat na “Using Smartphones in

Classroom”, ang nagbanggit na, Hindi lahat ng silid- aralan ay magkakaroon ng laptop araw-araw ang device/kagamitan tulad ng smartphones kahit na ihalintulad ay may gamit sa mga guro. Nangangahulugan lang nab ago pa man nagka-pandemya sa mundo may mga guro nang gumagamit ng smartphone sa silid-aralan bilang pantulong sa pag-aaral at pagtuturo. Pangatlo ay ang paggamit ng laptop/Desktop bilang kagamitan sa pagtuturo ayon ito sa 23 na kalahok sa pag-aaral.

Ayon kay Rodger (2020) sa artikulo na may pamagat na “Computers in the Classroom: Desktop vs. laptop vs. tablet”, mahalaga ang mga computer sa mga mag-aaral sapagkat inihahanda nito ang mga mag-aaral sa estado ng digital future kung saan ang ekonomiya ng mundo ay nakasalalay sa paggamit ng mga computers. Mahalaga ang kahandaan ng mga mag-aaral sapagkat ito ay magbibigay liwanag sa kanilang kinabukasan at siyang magdudulot ng pag-asenso. Pang-apat sa mga kagamitan sa pagtuturo ay ang paggamit ng radio ayon ito sa 02 na kalahok sa pag-aaral. Binaggit ni Kurrien (2020) sa artikulo na may pamagat na “The Use of Educational Radio for Improving the Quality of Teaching”, na ang mga distance learning technologies tulad ng radio ay may gamit sa mga lugar kung saan ang kaalaman ng guro ay limitado, ang mga pagsasanay ng guro aya kaunti lamang, ang mga aklat ay hindi na naiuugnay masyado sa aralin, ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay nasa mababang antas at kinakailangan ng masusing paglinang sa mga pagtuturo at pag-aaral. Hindi lang sa panahon ng pandemya maaring gamitin ang radio kundi pati na rin sa panahon na ang antas ng pag-aaral ay mahina sa isang lugar na maaaring hindi masyadong natutuunan ng pansin.

May iba’t iba ring mga paraan sa pagsagap ng signal/frequency ng internet sa pagtuturo, nangunguna na rito ay ang pagsagap ng internet sa mobile ayon ito sa 38 na kalahok sa pag-aaral. Nabigyang kahulugan ng website na www.en.m.wikipedia.org mula sa artikulo na “Mobile Web”, na ang mobile web ay browser-based World Wide Web na maaaring i-access sa mobile devices tulad ng smartphones, featurephones sa pamamagitan ng mobile at iba pang wireless network. Ginagamit ang mobile web kung may pupuntahan kang mga lugar na doon mo gusting mag-access ng internet at iyong hindi nakapagpakabit at hindi maka-aford ng iba pang paraan kung paano maksagap ng signal sa internet. Pumapangalawa sa paraan ng pagsagap ng signal ay ang sa pamamagitan ng internet sa broadband ayon ito sa 19 na kalahok sa pag-aaral. Nabigyang terminolohiya ng Federal Communications Commission (2020) mula sa artikulo nito na “Types of Broadband Connections”, na uri ito ng high-speed internet o mas mabilis ang signal na ma-access kaysa sa tradisyunal na uri ng pag-access ng internet. Karaniwan ng nakagagamit nito ay ang mga may kakayahang magbayad. Pangatlo sa paraan ng pagsagap ng signal ay ang DSL (Digital Subscriber Line) ayon ito sa 15 na kalahok sa pag-aaral.

Nabigyang kahulugan ang salitang DSL sa DSL Internet Provider (2020) sa artikulong pinamagatang, “Verizon DSL Plans and Availability DSL Internet Service”, ginagamit ito sa pag-transmit at pag-connect sa internet sa mga bahay at negosyo na gumagamit ng mga linya ng telepono pero hindi nakakasagabal sa komunikasyon sa telepono. Ginagamit rin

ito karamihan ng mga may pambayad sa internet na ginagamit sa bahay ng mga work from home at ang mga negosyong kailangan gumamit ng internet. Pang-apat sa mga paraan sa pagsagap ng signal ay sa pamamagitan ng cable ayon ito sa 11 na kalahok sa pag-aaral. Sa website na www.en.m.wikipedia.org sa artikulong pinamagatang “Cable Internet Access”, karaniwan na sa cable internet ay porma ng broadband internet na nag-ooperate ng pareho ang infrastructure sa telebisyon na may cable. Ang ibang tao na para isahan na lang ang pagbayad sa internet ay 2in1 na serbisyo na ang ipinapakabit may signal na sa cable ang telebisyon at meron pa sa internet. Panlima sa paraan ng pagsagap ng signal ay ang Internet na Wireless/Satellite ayon ito sa 03 na kalahok sa pag-aaral. Naipaliwanag ng Plug Things In(2020) mula sa artikulong pinamagatang, “What is Satellite Interenet?”, ito ay uri ng internet na may tatlong malalaking dishes, isa para sa internet service providers hub, isa sa kalawakan at isa ang nakalagay sa pag-aari ng nagpakabit. Kung ayaw magpakabit sa cable internet minsan ang wireless/satellite internet ang ipinapakabit.

Mga Pamamaraan Upang Makabangon ang Irosanong Gurong- magulang sa mga Suliranin sa Tahanan sa mga Hamon ng Pandemya sa Pag-aaral

Makikita sa Talahanayan 2 ang mga pamamaraan ng Irosanong gurong-magulang upang masolusyunan ang mga suliranin sa tahanan sa panahon ng pandemya sa pag-aaral. Ipinapakita sa talahanayan 2 ang mga pamamaraan upang makabangon sa mga suliranin sa tahanan sa mga hamon ng pandemya sa pag-aaral nangunguna sa bahaging modalidad sa pag-aaral ang sa pamamagitan ng module ayon ito sa 40 na kalahok sa pag-aaral. Pumapangalawa ang sa pamamagitan ng virtual/online ayon ito sa 22 na kalahok sa pag-aaral. Pangatlo ay sa pamamagitan ng radio ayon ito sa 1 kalahok sa pag-aaral.

Sa mga kagamitan naman sa pag-aaral nangunguna rito ay ang paggamit ng module ayon ito sa 45 na kalahok sa pag-aaral. Pangalawa sa mga kagamitan sa pag-aaral ay sa pamamagitan ng Android phone ayon ito sa 43 na kalahok sa pag-aaral. Pangatlo ay sa pamamagitan ng laptop/desktop ayon ito sa 32 na kalahok sa pag-aaral. Pang-apat sa mga kagamitan sa pag-aaral ay ang paggamit ng radio ayon ito sa 03 na kalahok sa pag-aaral.

Sa mga paraan sa pagsagap ng signal/frequency ng internet sa pag-aaral nangunguna rito ay ang pagsagap ng signal ng internet sa mobile ayon ito sa 39 na kalahok sa pag-aaral. Pumapangalawa ay ang pagsagap ng signal mula sa internet sa broadband ayon ito sa 24 na kalahok sa pag-aaral. Pangatlo sa pagsagap ng signal ay ang Internet sa DSL ayon ito sa 16 na kalahok sa pag-aaral. Pang-apat sa pagsagap ng signal ay ang internet sa cable ayon ito sa 13 nakalahok sa pag-aaral. Panglima sa pagsagap ng signal ay ang Internet na Wireless/Satellite ayon ito sa 05 na kalahok sa pag-aaral.

Talahanayan 2. Mga Pamamaraan bilang solusyon sa mga suliranin sa tahanan sa panahon ng pandemya sa pag-aaral

Pamamaraan	Kabuuan	Bahagdan
A. MODALIDAD SA PAGTUTURO		
• Sa pamamagitan ng Module	40	1
• Sa pamamagitan ng Online/Virtual	22	2
• Sa pamamagitan ng Radyo	1	3
B. MGA KAGAMITAN SA PAG-AARAL		
• Sa pamamagitan ng Radyo	3	4
• Sa pamamagitan ng Android Phone	43	2
• Sa pamamagitan ng Laptop/Desktop	32	3
• Sa pamamagitan ng Module	45	1
• Sa pamamagitan ng Android Phone	3	4
C. MGA PARAAN SA PAGESAGAP NG SIGNAL/FREQUENCY NG INTERNET SA PAG-AARAL		
• Internet sa Cable	13	4
• Internet sa Broadband	24	2
• Internet na Wireless/Satellite	5	5
• Internet sa DSL(Digital Subscriber Line)	16	3
• Internet sa Mobile	39	1

Mga Positibong Dulot ng Pandemya sa Edukasyon

Makikita sa Talahanayan 3 ang mga positibong dulot ng pandemya sa edukasyon. Ipinakikita sa talahanayan 3 ang mga positibong dulot ng pandemya sa edukasyon, nangunguna na rito ang nagkakaroon ng panahon na maturuan sa pamamagitan ng tutoring ayon ito sa 39 na kalahok sa pag-aaral. Ayon kina Andre, Oreopoulos, at Quan (2020) sa artikulong “Tutoring: A time-tested Solution to an Unprecedented Pandemic”, bilang mga edukador kailangan ang tutoring sa lumalaganap, pwede sa lahat ng pagkakataon at transpormatibong kagamitan na makikita sa kasalukuyang mga kagamitan sa edukasyon. Tulad na lang ng paggamit ng google classroom sa pagtuturo kailangan ng tutoring ng Information Technology expert sa mga gurong hindi pa gaanong bihasa sa paggamit ng mga bagong apps at program sa computer at ang positibo dito may bagong natututunan. Pumapangalawa sa mga positibong dulot ng pandemya ay ang may sapat na oras sa paggawa ng takdang aralin at gawaing pagsusulit ayon ito sa 36 na kalahok sa pag-aaral. Binanngit ni Gruia (2020) mula sa artikulong, “How to Effectively Study from Home during the Coronavirus Outbreak”, na may mga pamamaraan upang maging epektibo ang pag-aaral sa bahay tulad ng paggawa ng study schedule na kailangang pumili ng oras kung kailan ang online classes kailangan dito ng tamang pamamahala sa oras. Para hindi maubos ang oras sa mga hindi gaanong mahalagang bagay kailangan may pamamahala sa paggamit ng oras sapagkat sa panahon ng pandemya mas maraming oras ang bakante na nasa bahay at mas maraming oras rin

para sa mga mahahalagang gawain tulad ng pag-aaral ng mabuti. Pangatlo sa mga positibong dulot ng pandemya ay, nakakatipid sa pera, supply, elektrisidad at oras ayon ito sa 25 na kalahok sa pag-aaral.

Talahanayan 3. Mga Positibong Dulot ng Pandemya sa Edukasyon

Positibong Dulot	Kabuuan	Bahagdan
Pagbibigay tuon sa paggamit ng makabagong teknolohiya/virtual learning.	14	6
Nakatipid sa pera, supply, elektrisidad at oras.	25	3
Nagkaroon ng karagdagang kaalaman sa pagkatuto gamit ang e-learning.	11	7
May sapat na oras sa paggawa ng takdang aralin at gawaing pagsusulit.	36	2
Nabigyan ng pagkakataon ang mag mag-aaral na matuto sa sariling paraan.	23	4
Naiwasan ang pressure at bullying sa paaralan.	21	5
Nagkaroon ng panahon na maturuan sa pamamagitan ng tutoring.	39	1
Naglaan ang pamahalaan ng pundo para mapabuti ang pag-aaral.	2	8

Natalakay mula kay Elkins (2020) sa artikulong “Simple Ways to Save Money during the Coronavirus Pandemic”, na bukod sa upa sa bahay at pamasahé isa samga pinakamalaking pinagkakagastusan ay ang pagkain dahil sa may pandemya hindi kailangang gumastos ng malaki sa mga bars at restaurants kailangan lang ay take-out order kaya para makatipid kailangang magluto na lang sa bahay kaysa mag-order kung saan magastos sapagkat bukod sa bayad sa in-order ay nadaragdagan pa ito ng delivery fees o yung bayad sa pagdeliver. Kinakailangan talagang magtipid lalo na’t walang kaseguruhan ang panahon ngayon. Pang-apat sa positibong dulot ng pandemya ay ang nabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na matuto sa sariling paraan ayon ito sa 23 na kalahok sa pag-aaral. Ayon Gautam H. (2020) sa artikulong, “How to Ease Independent Learning Experience During COVID-19” na nagkaroon ng eksperimento na isinagawa sa isang lugar sa Ethiopia sa Africa. Sa mga malalayong lugar na sinisikap na makapag-aral ang mga bata kahit walang magtuturo na guro. Ang One Laptop Per Child na organisasyon ay namudmod ng mga tablets at solarchargers. Ang mga tablets ay iniwang nakaselyo pa sa kahon na walang sinabing paalala. Maraming mga kurokuro ang lumabas patungkol sa mga magiging kinalabasan ng eksperimento. May mga nagsasabing marami sa mga bata ay hindi bubuksan ang kahon. Ang iba ay nagsasabing paglalaruan lang ang mga tablets at ito’y mababasag lamang. Pero sa pagkagulat ng karamihan sa loob ng apat na minute hindi lang nabuksan ng mga bata ang kahon ng tablets, nahanap pa nila ang power button at na-switched on ang tablet. Makalipas ang limang buwan, ang mga bata ay nakagagamit ng apatnapu’t pitong apps kada araw. Natuto rin ang mga batang kumanta ng ABC song sa loob ng dalawang linggo.

Nagpapakita an gang eksperimentong ito na naisasagawa ang independent learning kung may inilalaan na tamang kagamitan at teknolohiya. Lalong-lalo na nasa bahay mas feel at home ang mga bata kaya mas matutoto sila sa kanilang sarili sa gabay ng kanilang magulang at sa pamamagitan ng social media nagagbayan rin ng mga guro. Panlima sa positibong dulot ng pandemya ay naiwasan ang pressure at bullying sa paaralan ayon ito sa 21 na kalahok sa pag-aaral. Mula sa website na www.en.m.wikipedia.org sa artikulong pinamagatang “Bullying”, ito ay paggamit ng puwersa, kaguluhan o pananakot upang mang-abuso na may layuning mangibabaw o manakot sa iba. Naiiwasan ito kung walang pasok sa paaralan sapagkat nasa bahay lang naman ang pag-aaral pati na rin ang dami ng gawain sa paaralan dahil mas marami na ang oras sa bahay. Pang-anim sa positibong dulot ng pandemya ay ang pagbibigay tuon sa makabagong teknolohiya/virtual learning ayon ito sa 14 na kalahok sa pag-aaral. Binanggit ni Nina (2020) sa artikulong “9 Unique Ways to use Technology in the Classroom” na ang paghahanap sa isang malikhaing paraan sa paggamit ng teknolohiya sa pag-aaral sa silid-aralan ay nagdudulot sa pagpapadali ng gawain bilang guro at nagdudulot rin ng pananabik at interes sa mga mag-aaral na mag-aral. Mas magaan sa parte ng mga guro ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo at napupukaw ang interes ng mga mag-aaral na mag-aral sa pagkat ito ay interaktibo at hindi nakababagot. Pampito sa mga positibong dulot ng pandemya ay ang nagkakaroon ng karagdagang kaalaman sa pagkatuto gamit ang e-learning ayon ito sa 11 na kalahok sa pag-aaral.

Binanggit nina Li at Lalani (2020) sa artikulong may pamagat na “The Rise of Online Learning during the COVID-19 Pandemic”, na bilang bunga ng paglaganap ng COVID-19 ang edukasyon ay nabago at umusbong ang e-learning na pagtuturo sa sa bahay at sa pamamagitan ng digital platforms. Upang hindi lumaganap ang hawaan ng COVID-19 mas ligtas ang pag-aaral sa bahay gamit ang e-learning. Pangwalo sa mga positibong dulot ng pandemya ay naglaan ng pundo ang pamahalaan para mapabuti ang pag-aaral ayon ito sa 02 kalahok sa pag-aaral. Ayon kay Schleicher (2020) ang pamahalaan ng Australia ay nagbigay ng pundo sa programa ng pamahalaan na “Higher Education Relief Package”, sa mga Australyanong nawalan ng trabaho bunga ng pandemya na nag-aasam na malinang ang kakayahan at gustong sanayin ang kakayahan. Ang mga mag-aaral naman na walang kakayahan ay binibigyan ng panahong makabayad at hindi muna sisingilin sa mga utang sa loob ng anim na buwan (Australian Government, 2020). Ang pamahalaan naman ng Canada ay may programang “Canada Emergency Student Benefit” na nagbibigay ng suportang pinansyal sa mga mag-aaral sa sekundarya at mga nakapagtapos ng hayskul na hindi pa nakahahapan ng mapagkakakitaan dahil sa COVID-19 nitong tag-araw (Trudeau 2020). Pinapahiwatig lang nito na handa naman ang pamahalaan na tumulong pagdating sa usaping edukasyon ng mga mamamayan.

Mga Positibong Dulot ng Pandemya sa Tahanan

Makikita sa Talahanayan 4 ang mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan. Ipinakikita sa talahanayan 4 ang mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan, nangunguna na rito ang nagkakaroon ng kamalayan sa kahalagahan ng pagiging

malusog ayon ito sa 39 na kalahok sa pag-aaral. Ayon kina Ali at Bhatti (2020) sa artikulong “COVID- 19(Coronavirus) Pandemic Information Sources Channels” na ang COVID- 19 public health awareness ang pinakamabisang pananggalang sa krisis na ito. Kinakailangan na malaman ng publiko ang mga pamamaraan upang maiwasang mahawaan ng sakit na COVID-19. Pangalawa sa positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay mas maraming oras sa pamilya ayon ito sa 34 na kalahok sa pag-aaral. Mula kay Alha A.M. (2020) sa artikulong pinamagatang, “More ‘Family Time’ amid Coronavirus Isolation at Home”, na kahit ang pananatili sa bahay ay may mga sagabal para sa marami, sa ilan ito ay oportunidad para malinang ang pagkakalapit ng loob ng mga magkakapamilya. Siguro dahil ito sa mas maraming oras na magkakasama ang pamilya sa loob ng bahay dahil lockdown bihira lang ang pianapayagang lumabas.

Talahanayan 4. Mga Positibong Dulot ng Pandemya sa Tahanan

Positibong Dulot	Kabuuan	Bahagdan
Nakatipid sa pera, supply at oras	12	10
Mas maraming oras sa pamilya	34	2
Napaplano nang mabuti ang gawain sa bahay	19	6
Nagkaroon ng kamalayan sa kahalagahan na panatilihin ang katawan	14	9
Naging mas malinis ang nalalanghap na hangin	15	8
Nagkaroon ng higit na tiwala sa Poong Maykapal	11	11
Nagkaroon ng kamalayan sa kahalagahan ng pagiging malusog	39	1
Nagkaroon ng kamalayan sa pagtitipid at pag-iimpok	31	3
Nagkaroon ng panahon sa mga libangan tulad ng pagtatanim	27	4
Naglaan ang pamahalaan ng pundo para mapabuti ang kabuhayan	17	7
Namulat sa pag-iingat sa pagkain ng mga bihirang kainin na hayop	21	5

Pangatlo sa positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay nagkaroon ng kamalayan sa pagtitipid at pag-iimpok ayon ito sa 31 na kalahok sa pag-aaral. Binanggit ni De la Buena (2020) sa artikulong, “This is Why Financial Planning is Important in a Time of Pandemic”, sa panahong walang uliran o hindi inaasahan ang mga pangyayari ang laging handa ay mahalaga. Kaya nga ang pag-iimpok ay kailangan sa mga hindi inaasahang pagkakataon bilang paghahanda sa mga pangangailangan sa bukas. Mahalaga ang pag-iimpok bilang panggastos sa kinabukasan at upang hindi makapagdulot ng stress. sa pag-aaral. Pang-apat sa positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay nagkaroon ng panahon sa mga libangan tulad ng pagtatanim ayon ito sa 27 na kalahok sa pag-aaral. Sinulat mula sa Rutgers NJAES/SEBS (2020) sa artikulong “The Importance of Gardening During the COVID-19 Pandemic”, na ang paghahalaman ay nakakarela na gawain na nagdudulot ng parangal sa sarili. Totoo ito kung lumaki na ang mga halaman at namulaklak isa itong karangalan sa sarili ng taong nagtanim. Panlima sa positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay namulat sa pag-iingat sa pagkain ng mga bihirang kainin na hayop ayon ito sa

21 na kalahok sa pag-aaral. Ayon kina Dutkiewicz, Taylor, at Vetesse (2020) sa artikulong “The COVID-19 Pandemic Shows We must Transform the Global Food”, na ito ay paniki o pangolin na sinabing pinagmulan ng COVID-19 sa pagkain ng mga Tsino ng mga wild animals n gang coronavirus ay lumaganap sa buong mundo. Dahil sa hilig sa mga exotic foods minsan ay hindi namamalayan ng mga tao ang dala nitong panganib sa kalusugan. Pang-anim sa mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay napaplano ng mabuti ang gawain sa bahay ayon ito sa 19 na kalahok sa pag-aaral.

Ayon kay De Leon (2020) sa artikulong “Chores have No Gender: Creating Equality at Home during COVID” na mas maraming nagagawa sa bahay tulad ng ama ni Kathlene sa artikulong ito na dati nang wala pa ang COVID ay abala sa pangingsda ang kanyang ama ngunit nang mag-lockdown ay mas maraming oras siya sa pagluluto. Mas marami na ang oras sa mga gawain sa bahay lalo na at hindi gaanong pinapayagan sa paglabas ang mga tao sa panahon ng COVID. Pampito sa mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay naglaan ang pamahalaan ng pundo para mapabuti ang kabuhayan ayon ito sa 17 na kalahok sa pag-aaral. Ayon sa Department of Finance (2020) sa artikulong “Gov’t Economic Team rolls out P27.1 B Package vs COVID-19 Pandemic”, na ang economic team ni Pangulong Duterte ay inanunsiyo ang P27.1- bilyon na package bilang tulong sa mga frontliners at tulong sa ekonomiya at mag-aang naapektuhan ng virus. Sa panahong may pandemya kinakailangan talaga ang tulong ng gobyerno sa aspetong pinansiyal. Pangwalo sa mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay naging mas malinis ang nalalanghap na hangin ayon ito sa 15 na kalahok sa pag-aaral. Binaggit nina Landrigan P.J., Bernstein A. at Binagwaho A. (2020) sa artikulong “COVID-19 and Clean Air: An Opportunity for Radical Change”, na nabawasan sa buong mundo ang polusyon sa hangin. Isa ito sa mga magandang balita kung saan dahil bihira ang lumalabas dahil sa pandemya bihira rin ang gumagamit sa sasakyan na nakabawas rin sa polusyon sa hangin. Pansiyam sa mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay nagkaroon ng kamalayan sa kahalagahan na panatilihin ang malinis ang katawan ayon ito sa 14 na kalahok sa pag-aaral.

Binanggit ni World Health Organization (2020) sa artikulong “COVID-19 Pandemic Heightens the Importance of Handwashing”, sa pagpayo sa mga tao na sundin ang pagkakaroon ng physical distancing at kalinisan sa katawan ipinayo rin ng mga dalubhasa sa kalusugan na ang simpleng paghuhugas ng kamay na may kasamang pagsasabon at paghugas sa malinis na tubig ay isa sa mga epektibong pamamaraan para mapigilan ang pagkalat ng mga germs at viruses. Pangsampu sa mga positibong dulot ng pandemya ay nakatipid sa pera, supply at oras ayon ito sa 12 na kalahok sa pag-aaral. Ayon sa Security Bank Team (2020) sa artikulong “5 Tips to Save Money During COVID-19 Crisis” na dahil sa karamihan sa mga tao ay Work from Home ang gastos sa transportasyon ay mababa at maiiwasan ang mga gastos sa dine-in restaurants kaya mas malaki ang maiimpok. Kaya mahalagang mag-impok lalo na at katulad ng pandemya ay may mga hindi inaasahang krisis sa buhay ng mga tao. Panglabing-isa na positibong dulot ng pandemya ay nagkaroon ng higit na tiwala sa Poong Maykapal ayon ito sa 11 na kalahok sa pag-aaral. Binanggit ni Goodman B., (2020) sa artikulong “Faith in Time of Crisis”, sa karanasan

ni Kay Bajawa isang real state agent sa Washington D.C. na sa panahong siya ay na-quarantine limang beses siya kada araw kung magdasal at nagtatarabaho sa mosque para makahanap ng paraan upang matulungan ang mga mahirap ngayong may pandemya. Isa na rin sa mga magpapagaan sa loob ng mga tao ay ang magdasal sa Panginoon upang maibsan ang bigat ng loob sa suliraning dala ng pandemya.

Mga Negatibong Dulot ng Pandemya sa Edukasyon

Makikita sa Talahanayan 5 ang mga positibong dulot ng pandemya sa edukasyon. Ipinakikita sa Talahanayan 5 ang mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon nangunguna na rito ang kakulangan sa kagamitan sa pag-aaral tulad ng gadgets, load at modules ayon ito sa 45 na kalahok sa pag-aaral. Binanggit sa Inquirer.net (2020) sa artikulong “Reality Bites: Lack of Subsidies for Gadgets and Mobile Data”, ang 2020 Global Web Index ay nagsabing 67% ng populasyon ng Pilipinas lang ang may access sa internet. Kasama pa rito an gang limang oras na klase ay may magagastos ang mga guro at mag-aaral ng mula P80 hanggang P138; ang presyo na mahirap bayaran kada araw sa panahon ng global pandemic. Isa itong realidad lalo na sa mga mahihirap na pamilya kung saan hindi basta-bastang kumikita ng malaki. Pangalawa sa negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay ang magastos sa pagbili ng gadget para sa pag-aaral at load ayon ito sa 40 na kalahok sa pag-aaral. Tulad nang naunang kaugnay na literature hindi basta-basta ang pagkuha ng budget sa load at gadget lalo na sa mahihirap na pamilya. Pangatlo sa negatibong dulot ng pandemya ay nahirapang maghanap ng lugar para sumagap ng malakas na signal ng internet ayon ito sa 39 na kalahok sa pag-aaral.

Ayon kay Estes (2020) sa artikulong “How Coronavirus Traffic Affects Internet Speed and Performance”, kapag nakaranas ng internet traffic sa paggamit nito ito ay dahil sa maraming tao ang Work from Home. Kung nahihirapang humanap ng signal ng internet iyon ay dahil marami ang gumagamit bukod sa mga nagtatrabaho na work from home marami ring nag-aaral na studying from home. Pang-apat sa negatibong dulot ng pandemya ay naipasara ang karamihan ng mga paaralan particular na ang mga pribado ayon ito sa 37 na kalahok sa pag-aaral. Sa website na www.en.m.wikipedia.org sa artikulong “Impact of the COVID-19 Pandemic on Education”, karamihan sa mga pamahalaan sa buong mundo ay nagpasyang ipasara ng panadalian ang mga paaralan upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19. Marami rin ang nawalan ng trabaho at kabuhayan dahil sa pagsasara ng mga paaralan. Panlima sa negatibong dulot ng pandemya ay naiwasan ang pakikisalamuha sa kamag-aral at kapwa na may epekto sa sosyalisasyon ayon ito sa 34 na kalahok sa pag-aaral. Mula kay Dangerfield K., (2020) sa artikulong “Coronavirus: How a Lack of Socialization could Impact”, ang pakikisalamuha o sosyalisasyon ay mahalagang salik ng paglaki ng isang tao ngunit dahil sa pandemya nahinto ito, na nag-iwan sa mga magulang ng katanungan kung ang kanilang mga anak ay hindi sapat ang interaksyon sa kanilang kapwa bata. Mahalaga ang pakikisalamuha dahil isa ito sa pangangailangan upang malinang ang pagkatao hanggang sa pagtanda. Pang-anim sa mga negatibong dilog ng pandemya sa edukasyon

ay nahihirapang sa online/virtual na modalidad sapagkay mahina ang signal ng internet ayon ito sa 32 na kalahok sa pag-aaral.

Talahanayan 5. Mga Negatibong Dulot ng Pandemya sa Edukasyon

Negatibong Dulot	Kabuuan	Bahagdan
Naipasara ang karamihan ng mga paaralan particular na mga pribado.	37	4
Naging magastos sa pagbili ng gadget para sa pag-aaral at load.	40	2
Naiwasan ang pakikisalamuha sa kamag-aral at kapwa na may epekto sa sosyalisasyon.	34	5
Nahirapan sa modular na modalidad sapagkat walang mapagtanungan.	29	7
Nahirapan sa online/virtual na modalidad sapagkat mahina ang signal ng Internet.	32	6
Nahirapang maghanap ng lugar para sumagap ng malakas na signal ng Internet.	39	3
Kakulangan sa kagamitan sa pag-aaral tulad ng gadgets, load at modules.	45	1
Nahirapang magmonitor ang mga guro sa takot sa pagkahawa ng COVID-19.	12	10
Naging risky ang buhay ng mga guro bilang frontliner sa pag-monitor.	16	9
Walang pundo sa pagpapagamot kapag nahawa ang mga guro sa pag-monitor.	19	8
Natakot sa pagpasok sa paaralan sa maaaring pagkahawa ng COVID-19.	2	11

Mula kay McKie (2020) sa artikulong, "Lack of Study Space and Poor Connections Hinder Online Learning", sa isang pag-aaral sa England 52% ang nagsabi na ang mabagal at hindi mapagkakatiwalaang internet connection ay isa sa mga sagabal sa pag-aaral. Dahil distance learning ang karaniwang modalidad ng pag-aaral at pagtuturo kailangan ang malakas na signal ng internet pero isang nakakalunkot nag kung ito ay mabagal. Pampito sa mag negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay nahihirapan sa modular na modalidad sapagkat walang mapagtanungan ayon ito sa 29 na kalahok sa pag-aaral. Binaggit ni Dado (2020) sa artikulong, "Challenges Parents Face in Education's New Normal" ay an gang paggamit ng mga maag-aaral ng module sa mga remote areas na may limitadong internet access tulad sa mga bundok. Nangangailangan sila ng home visit sa mga guro para sa remediation at assistance. At insan pwede nilang makontak ang guro sa email, cellular phone sa pamamagitan ng tawag o text. Isa sa mga sumulpot na suliranin ay ang pag-assist ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang mga anak ay makababawas sa kanilang oras sa pagtrabaho sa sakahan. Naisip naman ng DepEd na pwedeng magbayad ng teaching assistant para sa pag-aaral ng mga bata. Pwedeng magbayad kung may ibabayad, paano naman iyong nasa mahirap na pamilya? at kung tutulungan ng mga magulang sa pag-aaral paano naman iyong mga magulang na hindi nakapagtapos? At

nahihirapan rin sa pagtulong sa kanilang mga anak sa pag-aaral. Pangwalo sa mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay ang walang pundo sa pagpapagamot kapag nahawa ang mga guro sa pag-monitor ayon ito sa 19 na kalahok sa pag-aaral.

Ayon kay Magsambol (2020) sa artikulong, "No Budget for Treatment of Teachers with Coronavirus" sinabi ng DepEd (Department of Education) noong August 10, 2020 na walang budget na nakalaan sa pagpapagamot sa mga guro na nahawaan ng COVID-19. Isa ito sa mga malungkot na balita dahil nasasakripisyo ang mga guro sa pag-monitor ng mga mag-aaral ngunit wala namang makuuhang tulong kapag nagkasakit. Pansiyam sa mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay nagging risky ang buhay ng mga guro bilang frontliner sa pag-monitor ayon ito sa 16 na kalahok sa pag-aaral. Ayon kina Claxton et al. (2020) sa artikulong, "How many Teachers are at Risk of Serious Illness if Infected", nakita na isa sa apat na guro o (24% or mga 1.47 milyon na tao ay may kondisyon na nasa high risk sa pagkakasakit ng coronavirus. Ito ay dahil sa ang mga guro ay kailangang maglibot sa pag-monitor sa mga mag-aaral sa kanilang progreso sa pag-aaral, at sa assistance ng mga mag-aaral. Pang-sampu sa mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay nahirapang mag-monitor ang mga guro sa takot sa pagkahawa ng COVID-19 ayon ito sa 12 na kalahok sa pag-aaral.

Ayon kay Martin (2020) sa artikulong, "Teachers at High Risk for Coronavirus still Don't Know whether They'll Be", sa isang may sakit na dati tulad ng diabetes at nakompromiso ang immune system na isang science teacher ang gusting mag-leave sa pagtuturo para protektahan ang kanyang kalusugan. Dahil sa pandemya kailangang ingatan ng mga guro ang kanilang kalusugan sapagkat isa ito sa kanilang kayamanan na ibabahagi sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Panglabing-isa sa mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay natakot sa pagpasok sa paaralan sa maaaring pagkahawa ng COVID-19 ayon ito sa 02 na kalahok sa pag-aaral. Ayon Grush L., (2020) sa artikulong, "Teachers Share their Biggest fears about Reopening Schools", sa artikulong ang guro tulad ni Amanda ay parang hindi sigurado kung paano niya bibigyan ng instruksiyon ang kanyang mga mag-aaral dahil ang COVID-19 sa U.S. ay mataas pa ang kaso. Maraming guro ang nangangamba sa kalusugan at ang iba ay hindi pa gaanong bihasa kung paano imamaneho ang sitwasyon sa pagbukas ng klase.

Mga Negatibong Dulot ng Pandemya sa Tahanan

Makikita sa Talahanayan 6 ang mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan. Ipinakikita sa talahanayan 6 ang mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, nangunguna na rito ang nagging magastos sa pagbili ng gadget para sa pag-aaral at load ayon ito sa 44 nakalahok sa pag-aaral. Binanggit ni Bernard (2020) sa artikulong, "The Hidden yet rising Expenses of Teaching Remotely during Pandemic" na ang ibang mga guro ay nararamdaman na ang bigat sa pagtuturo hindi lang sa aspetong emosyonal, pisikal at lalong-lalo na sa aspetong pinansiyal. Wala pa man ang pandemya ay humuhugot na ang mga guro sa kanilang sariling bulsa kapag may kakulangan sa paaralan lalo na ngayong mas naiba na naman ang modalidad sa pagtuturo may mga bago namang dapat

pagkagastusan. Pangalawa sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ay naipasara ang mga pinagtatrabahuan kaya walang kita ayon ito sa 41 na kalahok sa pag-aaral.

Talahayanan 6. Mga Negatibong Dulot ng Pandemya sa Tahanan

Negatibong Dulot	Kabuuan	Bahagdan
Naipasara ang mga pinagtatrabahuan kaya walang kita.	41	2
Naging magastos sa pagbili ng gadget para sa pagaaral at load.	44	1
Naiwasan ang pakikisalamuha sa kapwa na may epekto sa sosyalisasyon.	21	6
Nakaranas ng depression sa bahay dahil sa suliranin dulot ng pandemya.	18	7
Nahirapan sa online/virtual na modalidad sapagkat mahina ang signal ng internet.	25	5
Nahirapang maghanap ng lugar para sumagap ng malakas na signal ng internet.	4	8
Kakulangan sa kagamitan sa pag-aaral tulad ng gadgets,load at modules.	38	3
Kakulangan sa aspetong pinansiyal dahil sa pagkawala ng trabaho.	34	4

Mula kay Ramos (2020) sa artikulong, "DTI;90,000 Business remain Closed Amid Pandemic" na sinasabi na 90,000 na mga negosyo na karamihan ay micro small & medium enterprises (MSMEs) ay nananatiling sarado dahil sa pandemya na patuloy na nagdudulot ng kaguluhan sa ekonomiya ayon kay Department of Trade and Industry(DTI) kalihim Ramon Lopez.Marami ang maghihirap dahil sa pagsasara na ito ng mga negosyo kaya kailangan na maging madiskarete at magtipid.Pangatlo sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan,ay kakulangan sa kagamitan sa pag-aaral tulad ng gadgets,load at modules ayon ito sa 38 na kalahok sa pag-aaral.Mula kay Bernardo (2020) sa artikulong,'Some Teachers still Lack Gadgets for Distance Learning as School Opens" na sa karanasan ng isang guro sa Maynila na si Erlinda Antonio ay nag-impok upang makabili ng laptop upang maka-connect sa kanyang mga magaaral para sa online classes.Hindi naman bibigyan ng pamahalaan ang mga guro ng gadgets kaya sa sarili pa ring bulsa kinuha ng mga guro ang kanilang pambili ng gadgets.Pang-apat sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan,ay ang kakulangan sa aspetong pinansiyal dahil sa pagkawala ng trabaho ayon ito sa 34 nakalahok sa pag-aaral. Binanggit ni Christensen C.(2020)sa artikulong,"The Financial Impact of the Coronavirus (COVID-19)-Money Fit",kung anuman ang kasalukuyan at pangkinabukasan na epekto sa kalusugan ng COVID-19 sa tao at sa pamilya ang pandemya ay patuloy na makaaapekto sa mga gastusin sa bahay sa mga darating na taon.Kailangang magplano sa kung ano ang kailangang pagkagastusan at paggamit ng mapagkukunan ng tama ay ang susi upang maging sapat ang aspeto ng pinansiyal.Panlima sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ang nahihirapan sa

online/virtual na modalidad spagkat mahina ang signal ng internet ayon ito sa 25 na kalahok sa pag-aaral.

Ayon kina Kang, Alba, at Stariano (2020) sa artikulong, “Surging Traffic Is Slowing Down Our Internet”, na dahil sa marami ang naka-online sa panahon ng pandemya kaya nagkakaroon ng ,internet traffic sa download speeds at video quality. Marami ang gumagamit ng internet dahil sa online learning at teaching dagdagan pa ito ng mga nakawork from home kaya medyo mabagal ang speed ng internet. Pang-anim sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ay naiwasan ang pakikisalamuha sa kapwa na may epekto sa sosyalisasyon ayon ito sa 21 na kalahok sa pag-aaral. Binanggit ni Ducarmie (2020) sa artikulong, “Can you Socialize Safely During the COVID-19 Pandemic?”, na ang U.S. Centers for Disease Control and Prevention ay opisyan inirekomenda na iwasan ng mga tao ang pagtitipon sa anumang uri at dami sa labas ng bahay tulad sa bahay ng mga kaibigan, parke, restaurants, shops at iba pang mga lugar. Ito ay para maiwasan ang hawaan ng COVID-19 na kahit masakripisyo ang pakikisalamuha ay kailangang ingatan ang sarili upang hindi mahawaan ng virus. Pampito sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ay nakaranas ng depression sa bahay dahil sa suliraning dulot ng pandemya ayon ito sa 18 na kalahok sa pag-aaral.

Ayon kina Robinson at Smith (2020), “Dealing with Depression During Coronavirus- Helppguide.org”, na dahil sa global COVID-19 na pandemya marami sa mga tao ang nakaramdam at nakaranas ng kawalan ng pag-asa at desperado sasitwasyon. Kaya nga ang iba dahil sa depresyon ay naisipan nang kitilin ang sariling buhay ngunit hindi ito ang solusyon sa problema kailangan lang na palakasin ang loob at magtiwala sa tulong ng Poong Maykapal na maiibsan ang mga suliraning dulot ng pandemya. Pangwalo sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ang nahirapang maghanap ng lugar para sumagap ng malakas na signal ng internet ayon ito sa 04 na kalahok sa pag-aaral. Ayon kay Hallare (2020) sa artikulong, “Teacher in Ilocos Sur Climbs Mountain to get WiFi Signal, Enrolls Students Online” ang isang guro na nagturo sa Narvacan National Central High School in Ilocos Sur, na sinabing bayani matapos umakyat sa bundok para makakuha ng malakas na signal ng internet para sa kanyang pocket wi-fi para i-enroll ang kanyang mga mag-aaral na walang gadgets at internet. Isa itong kabayanihan ng guro sapagkat itinaya niya ang kaniyang buhay upang magawa ang kanyang trabaho bilang isang guro para sa kapakanan ng mga mag-aaral.

Mungkahing Gawain Batay sa Resulta Ng Pagaaral

Ang awtput na nagawa ay isang plano sa pagsasagawa ng seminar-worksyap para makatulong paglinang ng mga makabagong modalidad sa pagtuturo sa paaralan at sa mga gawaing pangkabuhayan sa tahanan sa panahon ng pandemya.

KONGKLUSYON

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: Una ang mga Irosanong gurong magulang ay may mga magkakaibang pamamaraan upang makabangon sa mga suliranin sa edukasyon at sa tahanan sa mga hamon ng pandemya sa pagtuturo: Ang mga pamamaraan bilang solusyon sa mga suliranin sa edukasyon sa panahon ng pandemya sa pagtuturo nangunguna sa bahaging modalidad sa pagtuturo ang sa pamamagitan ng Module, ikalawa ay ang pagtuturo gamit ang online o virtual, pangatlo ay ang paggamit ng radio,mula ito sa pagkakasunod-sunod ng sagot na 38,21,02 na kalahok sa pag-aaral. Sa mga kagamitan sa pagtuturo naman una na rito ay ang sa pamamagitan ng module, pumapangalawa sa mga kagamitan sa pagtuturo ay ang paggamit ng Android Phone, pangatlo ay ang paggamit ng laptop/Desktop, pang-apat sa mga kagamitan sa pagtuturo ay ang paggamit ng radio,mula ito sa pagkakasunod-sunod ng sagot na 44,42,23,02 na kalahok sa pagaaral.

May iba't iba ring mga paraan sa pagsagap ng signal/frequency ng internet sa pagtuturo, nangunguna na rito ay ang pagsagap ng internet sa mobile, pumapangalawa sa paraan ng pagsagap ng signal ay ang sa pamamagitan ng internet sa broadband, pangatlo sa paraan ng pagsagap ng signal ay ang DSL (Digital Subscriber Line), pang-apat sa mga paraan sa pagsagap ng signal ay sa pamamagitan ng cable, panlima sa paraan ng pagsagap ng signal ay ang Internet na Wireless/Satellite mula ito sa pagkakasunod-sunod ng sagot na 38,19,15,11,03 na kalahok sa pag-aaral. Ang mga pamamaraan upang makabangon sa mga suliranin sa tahanan sa mga hamon ng pandemya sa pag-aaral nangunguna sa bahaging modalidad sa pag-aaral ang sa pamamagitan ng module, pumapangalawa ang sa pamamagitan ng virtual/online, pangatlo ay sa pamamagitan ng radio, mula ito sa pagkakasunod-sunod ng sagot na 40,22,01 na kalahok sa pag-aaral.

Sa mga kagamitan naman sa pag-aaral nangunguna rito ay ang paggamit ng module,pangalawa sa mga kagamitan sa pag-aaral ay sa pamamagitan ng Android phone,pangatlo ay sa pamamagitan ng laptop/desktop,pang-apat sa mga kagamitan sa pag-aaral ay ang paggamit ng radio,mula ito sa pagkakasunod-sunod ng sagot na 45,43,32,03 na kalahok sa pag-aaral. Sa mga paraan sa pagsagap ng signal/frequency ng internet sa pagaaral nangunguna rito ay ang pagsagap ng signal ng internet sa mobile, pumapangalawa ay ang pagsagap ng signal mula sa internet sa broadband,pangatlo sa pagsagap ng signal ay ang Internet sa DSL, pangapat sa pagsagap ng signal ay ang internet sa cable,panglima sa pagsagap ng signal ay ang Internet na Wireless/Satellite,mula ito sa pagkakasunod-sunod ng sagot na 39,24,16,13,05 na kalahok sa pag-aaral.

Pangalawa magkakaiba ang mga positibo at negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon at sa tahanan sa mga hamon ng pandemya sa pagtuturo: Ang mga positibong dulot ng pandemya sa edukasyon, nangunguna na rito ang, nagkakaroon ng panahon na maturuan sa pamamagitan ng tutoring, pumapangalawa sa mga positibong dulot ng pandemya ay ang may sapat na oras sa paggawa ng takdang aralin at gawaing

pagsusulit,pangatlo sa mga positibong dulot ng pandemya ay, nakakatipid sa pera,supply,elektrisidad at oras,pang-apat sa positibong dulot ng pandemya ay ang nabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na matuto sa sariling paraan,panlima sa positibong dulot ng pandemya ay naiwasan ang pressure at bullying sa paaralan,pang-anim sa positibong dulot ng pandemya ay ang pagbibigay tuon sa makabagong teknolohiya/virtual learning,pampito sa mga positibong dulot ng pandemya ay ang nagkakaroon ng karagdagang kaalaman sa pagkatuto gamit ang e-learning,pangwalo sa mga positibong dulot ng pandemya ay naglaan ng pundo ang pamahalaan para mapabuti ang pag-aaral,mula ito sa pagkakasunod-sunod na 39,36,25,23,21,14,11,02 na kalahok sa pagaaral.

Ang mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan,nangunguna na rito ang nagkakaroon ng kamalayan sa kahalagahan ng pagiging malusog,pangalawa sa positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay mas maraming oras sa pamilya,pangatlo sa positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay nagkakaroon ng kamalayan sa pagtitipid at pag-iimpok,pangapat sa positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay nagkaroon ng panahon sa mga libangan tulad ng pagtatanim,panlima sa positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay namulat sa pag-iingat sa pagkain ng mga bihirang kainin na hayop,pang-anim sa mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay napaplano ng mabuti ang gawain sa bahay,pampito sa mga positibong dulot ng pandemya ay ang nagkakaroon ng karagdagang kaalaman sa pagkatuto gamit ang e-learning, pangwalo sa mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay naging mas malinis ang nalalanghap na hangin,pansiyam sa mga positibong dulot ng pandemya sa tahanan ay nagkaroon ng kamalayan sa kahalagahan na panatilihin malinis ang katawan,pangsampu sa mga positibong dulot ng pandemya ay nakatipid sa pera,supply at oras,panglabing-isa na positibong dulot ng pandemya ay nagkakaroon ng higit na tiwala sa Poong Maykapal,mula ito sa pagkakasunod-sunod na 39,34,31,27,21,19,17,15,14,12,11 na kalahok sa pag-aaral.

Ang mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon nangunguna na rito ang kakulangan sa kagamitan sa pag-aaral tulad ng gadgets,load at modules,pangalawa sa negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay ang magastos sa pagbili ng gadget para sa pag-aaral at load,pangatlo sa negatibong dulot ng pandemya ay nahirapang maghanap ng lugar para sumagap ng malakas na signal ng internet,pang-apat sa negatibong dulot ng pandemya ay naipasara ang karamihan ng mga paaralan particular na ang mga pribado,panlima sa negatibong dulot ng pandemya ay naiwasan ang pakikisalamuha sa kamag-aral at kapwa na may epekto sa sosyalisasyon,pang-anim sa mga negatibong dilog ng pandemya sa edukasyon ay nahihirapang sa online/virtual na modalidad sapagkay mahina ang signal ng internet,pampito sa mag negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay nahihirapan sa modular na modalidad sapagkat walang mapagtanungan,pangwalo sa mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay ang walang pundo sa pagpapagamot kapag nahawa ang mga guro sa pag-monitor,pansiyam sa mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay naggging risky ang buhay ng mga guro bilang frontliner sa pag-monitor,pang-sampu sa mga negatibong dulot ng pandemya

sa edukasyon ay nahirapang magmonitor ang mga guro sa takot sa pagkahawa ng COVID-19, panglabing-isa sa mga negatibong dulot ng pandemya sa edukasyon ay natakot sa pagpasok sa paaralan sa maaaring pagkahawa ng COVID-19, mula ito sa pagkakasunod-sunod na 45,40,39,37,34,32,29,19,16,12,02 na kalahok sa pag-aaral.

Ang mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, nangunguna na rito ang nagging magastos sa pagbili ng gadget para sa pag-aaral at load, pangalawa sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ay naipasara ang mga pinagtatrabahuan kaya walang kita, pangatlo sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ay kakulangan sa kagamitan sa pag-aaral tulad ng gadgets, load at modules, pang-apat sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ay ang kakulangan sa aspetong pinansiyal dahil sa pagkawala ng trabaho, panlima sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ang nahihirapan sa online/virtual na modalidad sapagkat mahina ang signal ng internet, panganim sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ay naiiwasan ang pakikisalamuha sa kapwa na may epekto sa sosyalisasyon, pampito sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ay nakaranas ng depression sa bahay dahil sa suliraning dulot ng pandemya, pangwalo sa mga negatibong dulot ng pandemya sa tahanan, ang nahirapang maghanap ng lugar para sumagap ng malakas na signal ng internet, mula ito sa pagkakasunod-sunod na 44,41,38,34,25,21,18,04 na kalahok sa pag-aaral.

REKOMENDASYON

Batay sa resulta ng pag-aaral na ito nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon: Una hikayatin ang mga gurong magulang at komunidad na patuloy na umisip ng paraan upang labanan ang mga suliraning dulot ng pandemya. Ikalawa tangkilikin ang mga seminarworksypa o mga babasahing magbibigay ng impormasyon ng mga gurong magulang na makatutulong upang makapagturo ng mga makabagong modalidad sa pagtuturo at makapagsagawa ng mga gawaing pangkabuhayan sa tahanan sa panahon ng pandemya. Ikatlo ang lokal na pamahalaan ay maglaan ng programa na tutulong sa mga gurong magulang at sa komunidad na maibsan at masolusyunan ang mga suliraning dulot ng pandemya sa tahanan at paaralan. Ikaapat magsagawa ng pag-aaral na may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik nang sa gayon ay mapalalim pa ang pagtuklas sa mga kaalamang makatutulong upang mas mapahalagahan ang kahandaan sa panahon ng pandemya.

PAGKILALA

Ang pag-aaral na ito ay hindi magkakaroon ng katuparan kung hindi dahil sa tulong at suporta ng mga taong naniniwala sa layunin ng mananaliksik, kung kaya't taos pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa mga sumusunod:

Sa paaralang Gradwado, Sorsogon State University sa pagbibigay sa mananaliksik na makapag-aral sa institusyong ito.

Dr. Helen R. Lara, Pangulo, Sorsogon State University sa patuloy na pagbibigay ng suporta sa paaralang Gradwado.

Dr. Gerry A. Carretero, Dekano, Paaralang Gradwado, Sorsogon State University, sa pagsuporta sa paghikayat sa mga mag-aaral na magpatuloy sa pagsasagawa ng pananaliksik.

Dr. Sherill Gilbas, Tagapayo, sa kanyang pagiging matiyaga, maalalahanin, at walang sawang pagpapaalala, gabay at tulong sa mananaliksik at nang pagbibigay ng panahon at mungkahi para sa ikauunlad ng pag-aaral na ito.

Sa lahat ng mga tao sa bayan ng Irosin na tumulong upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Sa aking mga minamahal na magulang Raul F. Llaneta at Lilia N. Llaneta, maybahay na si Maricel at anak na si Railey Axel.

At higit sa Ina ng Walang Hanggang Saklolo at sa Poong Maykapal na walang sawang gumabay at tumulong anuman ang mga balakid at pagsubok sa pag-aaral na ito.

Maraming salamat po sa inyong lahat!

SANGGUIAN

Ajam, A. (2021). *Impact of COVID-19 pandemic on education*. Retrieved from <http://www.en.m.wikipedia.org>

Alhas, A. M. (2020). *More 'family time' amid coronavirus isolation at home*. Retrieved from <http://www.aa.com.tr.html>

Ali, M.Y., & Bhatti, R. (2020). *COVID-19 (Coronavirus) pandemic information sources channels*. Retrieved from <http://www.journal.sagepub.com.html>

Andrea, H. (2020). *Using a modular approach to course design*. Retrieved from <http://www.sites.google.com>

Andre N., Oreopoulos P., & Quan, V. (2020). *Tutoring: a time-tested solution to an unprecedented pandemic*. Retrieved from <http://www.brookings.edu.html>

Bernard R. A. (2020). *The hidden yet rising expenses of teaching remotely during pandemic*. Retrieved from <http://www.insidehighered.com.html>

Bernardo, J. (2020). *Some teachers still lack gadgets for distance learning as school opens*. Retrieved from <http://www.news.abs-cbn.com.html>

Bozkurt, A., & Sharma, R.C. (2020). *Citation. Emergency remote teaching in a time global crisis due to coronavirus pandemic.* *Asian Journal of Distance Education* 15 (1):i-vi.

Burgess, S., & Sieversten, H.H., (2020). *The impact of COVID-19 on education: school, skills and learning*. Retrieved from <http://www.voxeu.org.html>

Carmen, C. (2020). *Readiness assessment checklist for private schools*. Retrieved from <http://www.deped.gov.ph.html>

Cathy, L. & Lalani, F. (2020). *The COVID-19 has changed education forever*. Retrieved from <http://www.weforum.org.html>

Chandar, U. & Sharma R. (2020). *View of bridges to effective learning through radio*. Retrieved from <http://www.irrodl.org.html>

Cheng, M. (2020). *6 personal financial planning tips during the COVID-19 pandemic*. Retrieved from <http://www.letsmakeplan.org.ph>

- Christensen, T. (2020). *The financial impact of the coronavirus (COVID-19)-money fit*. Retrieved from <http://www.moneyfit.org.html>
- Claxton, G., Levitt, L., Kamal, R., Neuman, T., Kates, J., Micahud, J., Koma, W., & Rae, M. (2020). *How many teachers are at risk of serious illness if infected?*. Retrieved from <http://www.kff.org/html>
- CNN Philippines Staff. (2020). *Govt. economic teams roll out 27.1-billion packages COVID-19 pandemic*. Retrieved from <http://www.cnnphilippines.com.html>
- Dado, L. N. (2020). *Challenges parents face in education's new normal*. Retrieved from <http://www.manilatimes.net.html>
- Dangerfield, K. (2020). *Coronavirus: how a lack socialization could impact*. Retrieved from <http://www.globalnews.ca.html>
- De la Buena, K. (2020). *Life insurance in the times of pandemic: why it's important*. Retrieved from <http://www.fwd.com.ph/html>
- De Leon, M. P. (2020). *Chores have no gender: creating equality at home during COVID*. Retrieved from <http://www.plan-international.org.html>
- DSL Internet Provider (2020). *Verizon DSL plans and availability DSL internet service*. Retrieved from <http://www.verizon.com.html>
- Ducarmie, J. (2020). *Can you socialize safely during the COVID-19 pandemic?*. Retrieved from <http://www.time.com.html>
- Dutkiewicz, J., Taylor, A., & Vettese, T. (2020). *The COVID-19 pandemic shows we must transform the global food*. Retrieved from <http://www.theguardian.com.html>
- Edward, G. (2020). *Using smartphones in classroom*. Retrieved from <http://www.nea.org.html>
- Elkins, K. (2020). *Simple ways to save money during the coronavirus pandemic*. Retrieved from <http://www.cnn.com.html>
- Estes, A. C. (2020). *How coronavirus traffic affects internet speed and performance*. Retrieved from <http://www.vox.com.html>
- Federal Communications Commission (2020). *Types of broadband connections*. Retrieved from <http://www.fcc.gov.html>
- Ferdig, R. E., Baumgartner E., Hartshorne R., Kaplan-Rakowski R., & Mouza C. (Eds). (2020). *Teaching technology, and teacher education during the COVID19 pandemic stories from the field. Association for the Advancement of Computing in Education (AACE)*.
- Flores M. A., & Gago M. (2020). *Teacher education in times of COVID-19 pandemic in Portugal: National, institutional and pedagogical responses. Journal of Education for Teaching, 46(4), 507-516*.
- Flores, M. A., E. A., Macahado E. A., & Alves P. (2020). *Ensino e avaliacao a distancia em tempos de COVID-19 nos ensinos basico e secundario em Portugal*. Retrieved from https://www.ie.uminho.pt/pt/Eventos/newsIEUMinho/Paginas/News_novembro2020/Ensino_e_avaliacao_a_distancia_em_tempos_de_covid_19_ensinos_basico_e_secundario.aspx
- Gautam, H. (2020). *How to ease independent learning experience during COVID-19*. Retrieved from <http://www.getmagicbox.com.html>

Goodman, B., (2020). *Faith in time of crisis*. Retrieved from <http://www.apa.org.html>

Henne, A., (2020). *Using a modular approach to course design*. Retrieved from <http://www.sites.google.com.html>

Graham, E. (2020). *Using smartphones in classrooms*. Retrieved from <http://www.nea.org.html>

Gruia, G. (2020). *How to effectively study from home during the coronavirus outbreak*. Retrieved from <http://www.masterportal.com.html>

Grush, L. (2020). *Teachers share their biggest fears about reopening schools*. Retrieved from <http://www.theverge.com.html>

Hallare, K. (2020). *Teachers in Ilocos Sur climbs mountain to get wi-fi signal, enrolls student online*. Retrieved from <http://www.newsinfo.inquirer.net.html>

Inquirer.net (2020). *Reality bites: lack of subsidies for gadgets and mobile data*. Retrieved from <http://www.opinion.inquirer.net.html>

Kang C., Alba D., & Stariano A. (2020). *Surging traffic is slowing down our internet*. Retrieved from <http://www.nytimes.com.html>

Kurrien, Z. (2008). *The use of educational radio for improving the quality of teaching*. Retrieved from <http://www.itforchange.com.html>

Landrigan, P. J., Bernstein A., & Binagwaho A. (2020). *COVID-19 and clean air: an opportunity for radical change*. Retrieved from <http://www.thelancet.com.html>

Magsambol, B. (2020). *No budget for treatment of teachers with coronavirus*. Retrieved from <http://www.rappler.com.html>

Martin, N. (2020). *Teachers at high risk for coronavirus still don't know whether they'll be*. Retrieved from <http://www.bostonglobe.com.html>

Mckie A., (2020). *Lack of study space and pros connections hinder online learning*. Retrieved from <http://www.timeshighereducation.com.html>

Nina, W. (2020). *9 unique ways to use technology in the classroom*. Retrieved from <http://www.goguardian.com.html>

Patrick, S.W., Henkhaus, L. E., Zickafoose J. S., Lovell, K., Halvorson, A., Loch S., Letterie, M., & Davis, M. M. (2020). *Well-being of parents and children during the COVID-19 pandemic: a national survey*. *Pediatrics*, 146(4), e2020016824. doi: 10.1542/peds.2020-016824

Plug Things In. (2020). *What is satellite internet?*. Retrieved from <http://www.plugthingsin.com.html>

Ramos, C. M. (2020). *DTI: 90,000 business remain closed amid pandemic*. Retrieved from <http://www.business.inquirer.net.html>

Robinson L. & Smith M. (2020). *Dealing with depression during coronavirus*. Retrieved from <http://www.helpguide.org.html>

Rodger, A., (2020). *Computers in the classroom: desktop vs. laptop vs. tablet*. Retrieved from <http://www.stonegroup.co.uk.html>

Rutgers NJAES/SEBS (2020). *The importance of gardening during the COVID-19 pandemic*. Retrieved from <http://www.sebsnjaesnew.rutgers.edu.html>

Schleicher A., (2020). *"The impact of COVID-19 on education, insights from education at a glance 2020"*. Retrieved from <http://www.oecd.com.html>

- Security Bank Team(2020).5 tips to save money during COVID-19 crisis.Retrieved from <http://securitybank.com.html>
- Senate of the Philippines. (2020).*Pandemic preparedness act-senate of the Philippines*. Retrieved from <http://www.senate.gov.ph.html>
- United Nations. (2020). *Policy brief: education during COVID-19 and beyond*. Retrieved from <http://www.en.unesco.org.html>
- Walden University. (2020).*7 benefits of a virtual classroom*.Retrieved from <http://www.waldenu.edu.html>
- World Health Organization. (2020). *COVID-19 pandemic heightens the importance of handwashing*. Retrieved from <https://www.afro.who.int/news/covid-19-pandemic-heightens-importance-handwashing-soap>